# HUWARAN NG MGA SUSUNOD NA HENERASYON

ANG AMING CODE OF CONDUCT






## Ang aming Code of Conduct

Sa Henkel, binubuo kami ng humigit-kumulang 53,000 katao mula sa iba't ibang panig ng mundo. Sa araw-araw, mas pinabubuti namin ang maraming buhay sa pamamagitan ng aming mga produkto, serbisyo, at mga epektibong solusyon. Napakalaki ng aming impluwensiya sa ating kapaligiran, kung kaya't napakahalaga ng aming ginagawa at ang mga proseso kung paano ito gawin.

Bilang isang kompanyang may integridad at mataas na pamantayang moral, ang pagtalima ay malaking bahagi ng aming gawi sa pagnenegosyo. Kaya naman, napakahalaga ng aming Code of Conduct. Nagsisilbi itong kompas na gumagabay sa aming kilos, pag-uugali, at tumutulong sa amin kung paano haharapin ang mga komplikadong situwasyon nang may matalinong pagpapasya upang mapanatili ang kahusayan, reputasyon, at tiwala na ibinigay ng iba't ibang henerasyon ng aming mga tagapagtangkilik, kasosyo, at komunidad na aming ginagalawan. Dahil dito, ang Code of Conduct ay ang aming saligan sa pagnenegosyo.

Binibigyang-diin ang ambisyong ito sa aming layunin na "Pioneers at heart for the good of generations." Ibig sabihin, kumikilos kami nang etikal at may integridad sa aming paraan ng pagnenegosyo sa bawat bansa, bawat dibisyon, at bawat tungkulin. Hindi magkasalungat ang pagtalima at diwa ng pagiging isang tagapanguna, bagkus ito ay magkaagapay.

Sa pangkalahatan, sunod sa tradisyon ng pagnenegosyo ng aming pamilya, patuloy na ipinapasa ang mga pagpapahalagang ito sa bawat heneresyon. Pinamamarisan ng mga susunod na henerasyon ang pagiging mabuting ehemplo ng mga nauna, na siyang nagpapanatili ng aming tagumpay at pagiging nabubukod-tangi sa anumang panig ng mundo. Responsibilidad namin ang maging huwaran at huwag kalimutang isaalang-alang ang mga pinakama-apektuhan ng aming mga aksiyon at pag-uugali: ang mga susunod na henerasyon.

Bumabati,

Simone
**Simone**

Carsten
**Carsten**

Pebrero 2022

# MGA NILALAMAN


1. ANG AMING *CODE OF CONDUCT*

2. *ANG KAHULUGAN NG* INTEGRIDAD *SA AMIN* 4

3. MGA KILOS AT PAG-UUGALI 6
*PARA SA MGA SUSUNOD NA HENERASYON*

3.1 ANG AMING MGA TAUHAN 7
MAGALANG NA PAG-UUGALI 8
ANG AMING REPUTASYON 9
KALUSUGAN AT KALIGTASAN SA TRABAHO 10

3.2 ANG AMING KOMPANYA 11
MGA ASSET NG KOMPANYA 12
INTEGRIDAD SA PANANALAPI 13
SALUNGATAN NG INTERES 14

3.3 ANG AMING MGA KUSTOMER, KONSUMER, AT SUPPLIER 15
PATAS NA KOMPETISYON AT PAGLABAN SA KATIWALIAN 16
KALIGTASAN AT KALIDAD NG PRODUKTO 17
KALIGTASANG DIGITAL AT ETIKA 18

3.4 ANG AMING MGA KOMUNIDAD 19
KARAPATANG PANTAO, IBA PANG BATAS, AT PAMANTAYANG PANLIPUNAN 20
PAGPAPANATILI NG KAPALIGIRAN 21
UGNAYANG PAMPAMAYANAN 22

4. *PAANO KA* NAKIKIBAHAGI 24

5. SAMA-SAMANG PAGSULONG 26

# ANG KAHULUGAN NG **INTEGRIDAD** PARA SA AMIN

Sa araw-araw na paggamit ng milyon-milyong tao sa aming mga produkto, nagkakaroon na rin sila ng kaugnayan sa aming mga pinahahalagahan at pag-uugali. Kaakibat nito ang malaking oportunidad at responsibilidad.

Ang aming matatag na tradisyon at diwa ng pagiging isang tagapanguna ang gagabay sa amin upang pasiglahin ang mga ugnayan, pakikipagkaibigan, at pangangalaga sa isa't isa, na siyang nagpapatibay ng aming kulturang mapagmalasakit.

Diwang malapit sa aming puso ang pagkakaisa sapagkat ito ang pundasyon ng aming malawak na komunidad. Magkakabahagi naming isasaisip ang integridad nang lubusang magamit ang kapangyarihan ng pagkakaisa ng Henkel, upang mabalanse ang aming pagiging progresibo at pagiging tagapanguna sa mga tradisyong pampamilya at responsableng pagkilos.

Sa aming pagtatakda ng mataas na pamantayan ng integridad, nagbibigay-daan ito upang higit na mapagsilbihan ang kapakanan ng Henkel at ng lipunan sa pangkalahatan. Nagbibigay-diin ito sa aming paninindigang mamuno sa pagpapanatili at magnining bilang **huwaran ng mga susunod na henerasyon.**

# *PAANO* **NAKATUTULONG** *ANG* **INTEGRIDAD** *UPANG* **MAISABUHAY** *ANG AMING* **LAYUNIN**




Kung paano kami kumikilos bilang mga huwaran upang maisakatuparan ang aming mga pinahahalagahan at pangako sa pamumuno, at nang maisabuhay ang aming mga layunin.

# MGA KILOS AT PAG-UUGALI PARA SA MGA SUSUNOD NA HENERASYON

*Nakakita ka na ba ng isang huwaran?*
*Paano mo ito ilalarawan?*





# ANG AMING
# MGA TAUHAN

Sandigan ng aming tagumpay ang pagtataguyod sa kultura ng pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, inklusyon, pagtutulungan, at diwang pampamilya. Tanging sa patas, masigla, at ligtas na kapaligiran sa trabaho mangyayaring maaabot ng aming mga tauhan ang kanilang buong kakayanan. Ang ganitong pag-iisip ang ninanais naming kumatawan sa pangalan ng Henkel, ngunit higit pa sa lipunan, nais naming maging huwaran ng aming mga tauhan para sa mga susunod na henerasyon.



*Mahilig akong makipaglaro sa aking mga kaibigan. Minsan, gumagawa kami ng kung ano-anong kalokohan. Ngunit hinding-hindi ako magiging masama sa kanila, dahil mahal ko sila.*

# MAGALANG NA PAG-UUGALI

Isa sa aming kalakasan ang **magkakaiba at inklusibong manggagawa.** Nakatutulong ito upang makahikayat at mapanatili ang mga talento, makalikha ng mga inobatibong ideya, unawain ang aming kasapi at kustomer, at magbigay kontribusyon tungo sa mas patas at inklusibong mundo. Para sa amin, ang pagkakaiba-iba at inklusyon ay nangangahulugang pagtanggap sa ating pagkakaiba-iba, pagtitiwala sa isa't isa, at pagtatrabaho bilang isang samahan.

Lagi naming itinuturing ang isa't isa nang may dignidad at respeto. **Hindi namin pinahihintulutan ang harassment, bullying, o diskriminasyon,** sa anumang anyo o pamamaraan, na nauugnay ngunit hindi limitado sa lahi, kulay, kasarian, seksuwal na oryentasyon, relihiyon, paniniwala sa politika, pagsapi sa unyon ng mga manggagawa, kapansanan, nasyonalidad, lipunang pinagmulan, o edad.

Pangunahing prinsipyo sa kultura ng aming korporasyon **ang makatarungang pagtrato sa aming mga tauhan.** Binibigyan namin ang lahat ng pantay na akses sa mga oportunitad, na siyang nagpapahintulot sa kanilang magbigay kontribusyon sa Henkel at umasenso sa aspektong propesyonal at personal.

Itinatatag ng mga nabanggit na prinsipyo ang pundasyong makipagtulungan hindi lamang sa aming mga katrabaho ngunit maging sa aming mga supplier, contractor, at kasosyo sa negosyo.

**Ipinangangako namin ang pagtataguyod ng isang magalang at inklusibong kultura na tumutulong sa aming mga tauhan na ipamalas ang kanilang galing at kahusayan araw-araw.**

MGA PRAKTIKAL NA HALIMBAWA

**MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON**

PARA SA HENKEL LAMANG

# ANG AMING REPUTASYON

Pinatibay ng Henkel ang reputasyon nito sa loob ng maraming dekada sa pamamagitan ng marangal na kaasalang pangnegosyo. Malaki ang koneksiyon ng aming mga tauhan sa aming reputasyon sa mundo.

Pinahihintulutan namin ang **lahat ng pribadong pakikilahok** ng aming mga tauhan sa mga asosasyon at iba pang samahan hangga't ito ay ligal at naaayon sa batas, iginagalang ang aming mga prinsipyo, at hindi nakasisira sa aming reputasyon at sa kanilang tungkulin bilang empleyado.

Pagdating sa paglalabas ng saloobin at **pribadong pagpapahayag ng pananaw** sa mga pampublikong plataporma tulad ng social media, kinakailangang malinaw na maipahatid ng aming mga tauhan na ang kanilang mga personal na paniniwala ay hiwalay mula sa kanilang posisyon sa Henkel.

**Ipinangangako namin na ang lahat ng aming mga gawain at kilos ay makatutulong at hindi makasisira sa reputasyon ng Henkel.**


MGA PRAKTIKAL NA HALIMBAWA

**MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON**

PARA SA HENKEL LAMANG



*Minsan, pinangangaralan ako ng aking mga magulang na huwag gawin ang isang bagay, ngunit sinusuway ko ito. Subalit kadalasan, sila ay tama. Minsan pa nga, nagkaroon ako ng injury sa aking tuhod.*



# KALUSUGAN AT *KALIGTASAN* SA TRABAHO

Matagal nang kabilang sa aming mga pag-uugaling pinahahalagahan ang **protektahan ang aming mga tauhan.** Tinitiyak naming mayroon kaming masinsinang proseso upang matukoy at maiwasan ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan.

Aktibo naming ginagampanan ang tungkuling gawing ligtas ang lugar at komunidad kung saan kami namumuhay at nagtatrabaho. Gayundin, ipinangangako namin ang **sustenable at responsableng pagpapaunlad ng lipunan,** at, samakatuwid, ang pagsusulong ng **ligtas at masiglang kondisyon sa pagtatrabaho.**

Saklaw din ng aming mga prinsipyong pangkalusugan at pangkaligtasan ang mga kasapi na kasama naming nagtatrabaho sa aming mga opisina at site. Inaasahan din naming may katulad na antas ng pagpapahalaga sa pamantayang pangkalusugan at pangkaligtasan ang aming mga supplier, contractor, at kasosyo sa negosyo.

**Ipinangangako namin ang paglalaan ng ligtas na lugar at kapaligiran para sa kalusugan ng aming mga tauhan.**

MGA PRAKTIKAL NA HALIMBAWA
**MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON**
PARA SA HENKEL LAMANG

# ANG AMING **KOMPANYA**

Lumalago ang aming negosyo batay sa aming mga asset. Marahil, ang aming reputasyon ang aming pinakamahalagang asset. Binuo ito sa tiwalang aming nakamit sa mga nagdaang henerasyon na hangad pa naming panatilihin at paigtingin sa hinaharap. Gayundin, kinakailangan ang pangangalaga ng iba pa naming ari-arian tulad ng aming mga inobasyon, produkto, at pasilidad. Dapat naming pag-ibayuhin ang paggawa at pagkilos sa paraang pinangangalagaan ang mga pag-aaring ito.



# MGA ASSET NG KOMPANYA

Mahalagang pundasyon ng aming mga nagdaan at darating na tagumpay ang aming mga **asset, pisikal man o hindi nakikita't nahahawakan.** Responsable ang aming pagtrato at pinangangalagaan ang mga ito sa lahat ng pagkakataon.

Dalawa sa aming pinakamahahalagang asset ay ang **sensitibong impormasyon at mga intelektuwal na ari-arian** na kumakatawan sa masaganang pamumuhunan pagdating sa pinansiyal na halaga, oras, at pagsisikap, at nagbibigay kasiguruhan sa matagumpay na pagnenegosyo sa hinaharap. Sa pangangalaga ng mga ito, nasisiguro namin ang aming kalamangan sa kompetisyon.

Maliban na lamang kung may pahintulot na isiwalat ito sa publiko, ang lahat ng impormasyon at intelektuwal na ari-arian ng Henkel ay dapat na ituring na kumpidensiyal. Hindi namin ilalahad ang anumang bagay na kinikilalang kumpidensiyal o sensitibo sa **social media** o sa publiko.

Sa lahat ng pagkakataon, pananatilihin namin ang seguridad ng mga dokumentong naglalaman ng impormasyong kumpidensiyal. Pagdating sa kumpidensiyal na impormasyon at intelektuwal na ari-arian ng aming mga supplier, contractor, at kasosyo sa negosyo, poprotektahan din namin ang mga ito nang may integridad at pangangalaga, na siya rin naming inaasahan mula sa kanilang panig. **Iingatan namin ang anumang mapagkukunang mayroon kami** na huwag mawala, mapinsala, manakaw, at magamit sa maling paraan. Marapat na gamitin nang responsable ang mga pag-aari ng kompanya at hindi pinahihintulutan ang paggamit nito para sa personal na kapakinabangan.

**Ipinangangako naming panghawakan at protektahan ang lahat ng ari-arian ng Henkel nang may lubos na pangangalaga.**

MGA PRAKTIKAL NA HALIMBAWA
**MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON**
PARA SA HENKEL LAMANG



*Minsan, nilalaro namin ng kaibigan kong si Sam ang aking mga laruan. Ayos lamang iyon sapagkat kaibigan ko siya. Bagaman nalungkot ako nang masira niya ang aking pulang kotseng laruan, kaibigan ko pa rin siya.*



# INTEGRIDAD SA PANANALAPI

Isang pundasyon ng pagtitiwala at katapatan ang **Integridad sa Pananalapi** na aming pinagtibay bilang isang kompanya. Isang mahalagang responsibilidad sa aming negosyo ang pagpapanatili ng tumpak na mga talaan upang makapagbigay ng tapat na impormasyon.

Maigting kaming tumatalima sa lahat ng mga pangangailangang itinakda ng batas at ng International Financial Reporting Standards para sa **tamang pagtutuos at pag-uulat sa pananalapi.** Nag-aaplay din ito sa mga batas at tuntunin sa buwis. Bukod pa rito, mahalaga para sa aming gumawa ng mga talang sumasalamin sa totoong kalikasan ng mga transaksiyon at gawaing isinasadokumento nito.

**Ipinangangako namin ang palaging pagbibigay ng wasto at makatotohanang pinansiyal na impormasyon.**

MGA PRAKTIKAL NA HALIMBAWA

**MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON**

PARA SA HENKEL LAMANG

# SALUNGATAN NG INTERES

Hangad naming makilala at pagkatiwalaan dahil sa aming **patuloy na pagtatrabaho nang may integridad.** Dahil dito, inaasahan namin ang aming mga sarili at ang aming mga katrabaho na sumunod sa pinakamataas na pamantayang etikal at panatilihing magkahiwalay ang trabaho at personal na interes sa lahat ng pagkakataon.

Samakatuwid, iniiwasan namin ang mga situwasyong maaring humantong sa pagkakasalungat ng personal na interes laban sa Henkel. Pagdating sa pagpapasya sa negosyo, kinakailangang lagi tayong kumilos nang ayon sa layunin at kapakanan ng Henkel, at **ibukod ang anumang personal na kapakinabangan.**

Hindi paglabag sa aming Code of Conduct ang pagdanas ng mismong pagkakasalungat ng interes. Magiging paglabag lamang ito kung mabigong **ibunyag at tugunan** ito bago gumawa ng desisyong makaaapekto sa kompanya. Ang mga pagkakasalungat ng interes na napagtatanto ng iba ay kasinlala ng aktuwal na alitan. Epektibong paraan upang mabisang solusyunan ang mga potensiyal na alitan ay ang tapat na pakikipag-usap sa nakatalagang line manager, HR, o pakikipag-ugnayan sa compliance team sakaling may pagdududa.

**Ipinangangako namin ang palaging paggawa at pagkilos na isinasaalang ang kapakanan at interes ng Henkel.**

MGA PRAKTIKAL NA HALIMBAWA

MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PARA SA HENKEL LAMANG



# ANG *AMING MGA KUSTOMER,* ***KONSUMER, AT*** SUPPLIER

Araw-araw, ginagamit ang aming produkto nang milyon-milyong katao. Pinaglalaanan namin ng buong lakas at puso at lubhang mahalaga sa amin ang pagiging tagapanguna na maging ehemplo upang mapanatili ang mga ito na ligtas, angkop sa kapaligiran, at may mataas na kalidad sa bawat hakbang ng aming proseso. Gayundin, iniaaplay namin ang parehong paniniwala at tinitiyak ang integridad pagdating sa digital space at patuloy kaming umaangkop sa ating pabago-bagong mundo. Pinakamahalaga para sa amin na tiyaking malapit at may tiwala ang aming ugnayan sa aming mga kustomer, konsumer, at supplier bilang pundasyon ng aming negosyo sa kasalukuyan at sa mga darating pang henerasyon.



# PATAS NA KOMPETISYON AT PAGLABAN SA KATIWALIAN

Bilang mga natural na tagapanguna, pinaniniwalaan namin na ang **patas na kompetisyon** ang magtutulak sa inobasyon at magtutulay sa mas magagandang produkto, na siyang makatutulong sa aming mga kustomer at konsumer. Lubos ang aming pagtitiwala sa kalamangan ng aming mga produkto at serbisyo. Ipinangangako namin ang patas na kompetisyon at sinusunod ang lahat ng kaugnay na **tuntuning *antitrust* at batas sa kompetisyon** sa tuwing isinasagawa namin ang aming mga operasyon. Hindi kami nakikisali sa mga gawaing iligal, hindi patas, at walang moral na humaharang o naghihigpit sa kompetisyon.

Hindi namin pinahihintulutan ang **panunuhol o katiwalian,** anuman ang anyo nito, pagdating sa lahat ng transaksiyon ng aming kompanya, may kaugnayan man ito sa mga pampublikong opisyal at gobyerno o kahit sa pribadong sektor. Hindi kami tumatanggap ng anumang impluwensiya sa mga desisyon o ng mga pagtatangka upang makakuha ng hindi naaangkop na mga kalamangan sa negosyo sa pamamagitan ng pagbibigay, pagtanggap, pag-aalok, o pangangako ng pananalapi o anumang bagay na may halaga o mula sa ibang partido.

**Ipinangangako namin ang patas na kompetisyon batay sa mataas na kalidad ng aming mga produkto at serbisyo.**

MGA PRAKTIKAL NA HALIMBAWA

**MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON**

PARA SA HENKEL LAMANG





# KALIGTASAN AT KALIDAD NG PRODUKTO

Nasa puso ng aming mga ginagawa ang aming mga produkto. Sa paglipas ng mga dekada, nabuo namin ang aming relasyon sa aming mga kustomer at konsumer batay sa tiwala. Kung kaya't hindi kami kailanman tumatanggap ng mga kompromiso pagdating sa **kaligtasan at kalidad** ng aming mga produkto at proseso.

Tumatalima kami sa mga pangangailangang **pangkalusugan at pangkaligtasan,** pati na rin sa angkop na pagpapapangalan sa mga rehiyong nagsasagawa kami ng operasyon. Palagian ang pagsusuri at pagsisiyasat sa aming mga produkto upang masiguro ang kaangkupan nito.

**Ipinapangako namin ang pagbibigay ng mga ligtas na produkto na may pinakamataas na kalidad para sa kapakinabangan ng lahat ng aming mga kasapi.**

MGA PRAKTIKAL NA HALIMBAWA

**MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON**

PARA SA HENKEL LAMANG

# KALIGTASANG DIGITAL AT ETIKA

Mabilis na hinuhulma ang ating mundo ng **digitalization.** Higit na nagiging data driven ang mga negosyo at hindi mabilang ang mga lumalabas na oportunidad. Dahil dito, lumalabas din ang mga hamon at katanungang etikal. Responsibilidad nating talakayin at tugunan ang mga hamong iyon nang isinasaalang-alang ang lahat ng ating kasapi.

Tungkulin nating pangalagaan ang mga **sensitibo at kumpi-densyal na impormasyon** nang may matamang pagpapasya. Ginagamit namin ang cyberspace nang may naaangkop na pangangalaga at sapat na seguridad. Gayundin, sumusunod kami sa matataas na pamantayan sa tuwing nagpoproseso ng personal na datos ng aming mga empleyado, kasosyo, at konsumer. Gagamitin lamang namin ang **personal na datos** para sa mga lehitimo at malinaw na layunin at alinsunod sa mga nauugnay na regulasyon sa proteksiyon ng mga datos.

Nagbubunsod ng makabagong oportunidad ang **artificial intelligence** sa atin at sa aming kasapi. Ngunit kaakibat nito ang malaking responsibilidad. Sa paggamit namin ng teknolohiyang AI, kinakailangan irespeto ang mga pangunahing prinsipyo ng katapatan, karapatan ng apektadong indibiduwal, pananagutan, at katumpakan, at lahat ng ito ay dapat may malinaw na mekanismo upang mabawasan ang mga nakaambang na panganib.

**Ipinangangako namin na gagamitin namin ang digital space tulad ng integridad na sinusunod namin sa totoong mundo.**

MGA PRAKTIKAL NA HALIMBAWA

**MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON**

PARA SA HENKEL LAMANG





# ANG AMING PAMAYANAN

Simula pa lamang, nakatanim na sa pinahahalagahan ng kompanya ang pagiging mulat sa responsibilidad sa mundo. Mayroon tayong pantay na respeto sa sangkatauhan at kapaligiran at nilalayon nating magkaroon ito ng positibong epekto. Kaya naman sa lahat ng ginagawa namin, nagsusumikap kaming mag-ambag sa rehenerasyon ng planeta at pagpapaunlad na pamayanan.

*Bata pa lang ako, mahilig na ako sa mga pating. Ngunit ngayon, mahal ko ang lahat ng kalikasan at hayop. Kailangan natin protektahan ang mga ito.*



# MGA KARAPATANG PANTAO, BATAS, AT PAMANTAYANG PANLIPUNAN

Etikal na responsibilidad ang **paggalang sa karapatang pantao.** Pinahihintulutan din nito ang pagkakaroon namin ng positibong epekto sa buhay ng mga tao. Kaya naman pinahahalagahan namin ang mga karapatan at dignidad ng mga tao sa lahat ng pagkakataon. Itinuturing namin ang lahat ng tao sa aming trabaho, operasyon, at sa mga komunidad na kinaroroonan namin nang patas, pantay, at may paggalang. Kasabay nito, patuloy kaming nagtatrabaho nang may sustenable at etikal na mga gawi sa negosyo.

Sa aming presensiya sa maraming produkto sa merkado at iba't ibang rehiyon sa buong mundo, sumasailalim kami sa mga batas at regulasyon ng iba't ibang ligal na sistema. Sa **pagiging responsableng tauhan ng korporasyon,** nangangahulugan itong tumatalima ang aming mga tauhan sa lahat ng naaangkop na batas, panuntunan, at regulasyon sa mga pamayanan kung saan kami nagpapatakbo ng negosyo, habang iginagalang din ang mga lokal na tradisyon at iba pang pamantayan sa lipunan. Kasama sa ligal na pagtalima, bukod sa iba pang mga bagay, ay ang mga regulasyon sa kalakalan, tulad ng mga kontrol at parusa sa pagluluwas, o mga naaangkop na regulasyon pagdating sa money laundering.

**Ipinangangako naming ang pagrespeto sa mga karapatang pantao bilang pundasyon ng lahat ng aming mga aksiyon.**

MGA PRAKTIKAL NA HALIMBAWA

MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PARA SA HENKEL LAMANG

# *PAGPAPANATILI* **NG** KAPALIGIRAN

Responsibilidad natin ang pangangalaga sa kapaligiran para sa mga susunod na henera-syon. Samakatuwid, ang mga **kaangkupang pangkapaligiran at responsableng mga gawi sa negosyo** ang batayan ng lahat ng ating mga aksiyon at paggawa ng desisyon. Determinado kaming **patuloy na pagbutihin ang aming negosyo at ang iba pa naming aktibidad** upang gawin itong mas sustenable at sa huli ay makapag-ambag sa rehenerasyon ng ating planeta.

Patuloy **nating binabawasan ang ating epekto sa kapaligiran** sa pamamagitan ng ating mga gawain at produkto sa tulong ng paggamit ng mga materyales at serbisyo na inuulit, na siyang magpapaliit ng ating footprint sa kapaligiran at magtitiyak sa responsableng paggamit ng mga likas na yaman. Sumasaklaw din sa aming buong value chain ang aming pagsisikap na ito, kung saan nakikipagtulungan kami sa aming mga kasosyo upang sundin ang sustenable at responsableng gawi sa negosyo na makatutulong sa ating kapaligiran.

**Ipinangangako namin ang pagprotekta sa kapaligiran at pag-aambag sa rehenera-syon ng ating planeta.**

MGA PRAKTIKAL NA HALIMBAWA

**MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON**

PARA SA HENKEL LAMANG





# UGNAYANG *PAMPAMAYANAN*

Sinusuportahan ng Henkel ang kapakanang panlipunan, edukasyon at agham, fitness at kalusugan, sining at kultura, at kapaligiran, bukod sa iba pang mga bagay, sa pamamagitan ng mga **donasyong pinansiyal at mga kagamitan.** Mayroon kaming malinaw na proseso para sa mga donasyon at tinutukoy din namin ang mga lugar na hindi kasama, tulad ng mga donasyon ng Henkel sa mga partidong pampolitika, politiko, o kandidato para sa isang tanggapang pampolitika.

Hinihikayat namin ang aming mga tauhan na personal ding makibahagi, habang malinaw inihihiwalay ang pribado at kompanyang pakikipag-ugnayan. Itinataguyod namin ang **pagboboluntaryo at paglahok sa mga gawaing pangkawanggawa** o gawaing panlipunan na tumatalima sa lokal na batas sa sarili nilang oras.

Bilang isang responsableng bahagi ng korporasyon, kapag tayo ay nakikibahagi sa **pampubliko at politikal na diskurso,** kinakailangang kumilos tayo nang walang pagkiling at magbahagi lamang ng katotohanan.

**Ipinangangako namin ang paglikha ng makabuluhang pagbabago sa ating mga komunidad.**

MGA PRAKTIKAL NA HALIMBAWA

MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PARA SA HENKEL LAMANG

Ipinangangako namin ang pagtataguyod ng isang magalang at inklusibong kultura na tumutulong sa aming mga tauhan na ipamalas ang kanilang galing at kahusayan araw-araw.

Ipinangangako namin na ang lahat ng aming mga gawain at kilos ay makatutulong at hindi makasisira sa reputasyon ng Henkel.

Ipinangangako namin ang paglalaan ng ligtas na lugar at kapaligiran para sa kalusugan ng aming mga tauhan.

Ipinangangako naming panghawakan at protektahan ang lahat ng ari-arian ng Henkel nang may lubos na pangangalaga.

Ipinangangako namin ang palaging pagbibigay ng wasto at makatotohanang pinansiyal na impormasyon.

Ipinangangako namin ang palaging paggawa at pagkilos na isinasaalang ang kapakanan at interes ng Henkel.

Ipinangangako namin ang patas na kompetisyon batay sa mataas na kalidad ng aming mga produkto at serbisyo.

Ipinapangako namin ang pagbibigay ng mga ligtas na produkto na may pinakamataas na kalidad para sa kapakinabangan ng lahat ng aming mga kasapi.

Ipinangangako namin na gagamitin namin ang digital space tulad ng integridad na sinusunod namin sa totoong mundo.

Ipinangangako naming ang pagrespeto sa mga karapatang pantao bilang pundasyon ng lahat ng aming mga aksiyon.

Ipinangangako namin ang pagprotekta sa kapaligiran at pag-aambag sa rehenerasyon ng ating planeta.

Ipinangangako namin ang paglikha ng makabuluhang pagbabago sa ating mga komunidad.



# PAANO KA NAKIKIBAHAGI



*Sa kindergarten ko noon, hinila ko ang buhok ni Lisa, at isinumbong ito ni Ben kay Mrs. Platt. Sinabi ito ni Mrs. Platt sa aking ina. Pagkatapos, sinabi ng aking ina na dapat akong humingi ng paumanhin kay Lisa, na akin namang ginawa.*

# ANG IYONG BOSES

Hindi laging madaling humarap at magpahayag ng alalahanin, ngunit sa Henkel, pinalalakas namin ang kultura kung saan komportable ang lahat na magdulog ng hinaing. Ito ang tanging paraan upang maprotektahan ang mga pinahahalagahan at integridad ng bawat isa.

**Mangyaring magsalita** kung may napansin kang maaaring katiwalian. Hindi mahalaga kung tama ka o mali—kung may bumabagabag sa iyo, huwag itong ipagsarili. Binibigyang-pansin namin ang bawat alalahanin.

Maaari mong **iulat ang iyong mga alalahanin** sa nakatataas sa iyo. Gayundin, maaari kang makipag-ugnayan sa HR, sa pandaigdigang Compliance team*, o sa mga anonimong Compliance Line ng Henkel (tingnan ang intranet ng Henkel para sa aming mga empleyado at ang website ng Henkel para sa mga detalye at karagdagang gabay).

Sa sandaling maghain ka ng alalahanin, gagawa ang Henkel ng angkop na aksiyon upang malutas ang usapin sa lalong madaling panahon. Walang puwang sa aming organisasyon para sa anumang uri ng paghihiganti, at poprotektahan namin ang sinumang magsasalita sa kanilang kabutihang-loob kahit mangyaring maging hindi totoo ang isang alalahanin.

MGA PRAKTIKAL NA HALIMBAWA
MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON
PARA SA HENKEL LAMANG

*compliance.office@henkel.com



# SAMA-SAMANG PAGSULONG

## BILANG HUWARAN PARA SA MGA SUSUNOD NA HENERASYON.

Gagabayan tayo ng Code of Conduct at nagsisilbi itong kompas na nagtuturo sa atin ng daan. Ngunit tulad ng mga tunay na tagapanguna, dapat natin itong marating gamit ang ating sariling lakas. Dahilan ito kung bakit nakasalalay sa atin ang pagkakaroon ng sariling responsibilidad at kumilos bilang isang tunay na huwaran. May mas malaking nakaatas na responsibilidad ang mga tagapamahala sa Henkel na tiyaking magagawa natin ito. Makakukuha tayo ng inspirasyon mula sa matibay na pamanang nakaugat sa ating mga pagpapahalaga at integridad upang maisabuhay ang ating Code of Conduct sa ating pang-araw-araw na kilos at pag-uugali. **Umaasa sa atin ang susunod na henerasyon.**